County of Los Angeles
DEPARTMENT OF PUBLIC SOCIAL SERVICES

# PAUNAWA SA IMPORMASYON SA KARAPATANG PANGMAMAMAYAN

## ANO ANG MGA KARAPATANG PANGMAMAMAYAN?

Ang mga Karapatang Pangmamamayan ay mga batas na nagtatanggol sa mga tao laban sa di-patas na pagtrato. Ang Batas ng mga Karapatang Pangmamamayan ng 1964, Seksiyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon ng 1973, ang Batas ng mga Amerikanong may Kapansan ng 1990 at iba pang mga batas ng pederal at estado ay nagsasaad na ang di-patas na pagtrato ay labag sa batas sa mga programang tumatanggap ng salaping tulong mula sa pederal at estado.

## SINO ANG KANILANG PINOPROTEKTAHAN?

Kung nag-aaplay o tumatanggap ka ng salaping-tulong, Medi-Cal, CalFresh, o mga serbisyong panlipunan sa County ng Los Angeles, ikaw ay protektado sa ilalim ng batas laban sa di-patas na pagtrato tungkol sa mga benepisyong ito at ikaw ay may tiyak na mga karapatan.

May karapatan kang makatanggap ng parehong mga serbisyo, pagsasaalang-alang, at pantay na pagtrato na ibinigay sa lahat ng iba pang aplikante o kalahok anuman ang:

*Lahi, Kulay, Ninuno, Bansang Pinagmulan (kabilang ang wika), Pagkakakilanlan ng Pangkat Etniko, Edad, Pisikal o Pangkaisipang Kapansanan, Medikal na Kondisyon, Relihiyon, Kasarian, Pagpili ng Kasarian, Pagkakakilanlan o Pagpapahayag ng Kasarian, Oryentasyong Sekswal, Katayuang Matrimonyal, Kinakasama sa Tahanan, Kaugnayan sa Pulitika, Pagkamamamayan, Katayuan sa Imigrasyon, at Impormasyong Genetiko.*

May karapatan kang:

- Tumanggap ng mga libreng serbisyo ng tagasalin sa anumang wika kapag nag-aaplay para sa mga benepisyo o upang magpatuloy sa pagtanggap ng mga benepisyo;
- Tawagan ang Customer Service Center ng DPSS sa 866-613-3777 at magkaroon ng paunawa ng County sa Ingles, na binabasa ng pasalita at ipinaliwanag sa iyo sa anumang wika; at
- Makatanggap ng makatwirang kaluwagan kung mayroon kang pisikal o mental na kapansanan upang tulungan kang ma-access at makilahok sa mga programa at serbisyo ng DPSS.

## PAANO MAGSAMPA NG REKLAMO

Kung naniniwala ka na ikaw ay naitrato ng di-patas dahil sa lahi, kulay, ninuno, bansang pinagmulan (kabilang ang wika), pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, pisikal o mental na kapansanan, kondisyong medikal, relihiyon, kasarian, pagpili ng kasarian, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, katayuang matrimonyal, kinakasama sa tahanan, kaugnayan sa pulitika, pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, at/o impormasyong genetiko, o naranasan mong paghigantihan ng kawani o kontratista ng DPSS, maaari mong gawin ang isa o lahat ng sumusunod na aksyon:

Maaari mong hilingin na makipag-usap sa Civil Rights Liaison ng Department of Public Social Services (DPSS). Matutulungan ka nilang magsampa ng reklamo sa karapatang pangmamamayan sa pamamagitan ng pagkuha ng PA 607, “Complaint of Discriminatory Treatment,” at matulungan kang kumpletuhin ang form.

Maaari ka ring direktang makipag-ugnayan sa DPSS ng County ng Los Angeles, mga ahensya ng Estado at Pederal, gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nakalista sa likurang bahagi ng Paunawang ito.

Maaari kang humiling ng pagsisiyasat mula sa Civil Rights Section ng DPSS sa salita man o nakasulat sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator. Maaari kang sumulat ng iyong sariling pahayag o gamitin ang form na PA 607 upang maidokumento ang iyong reklamo. Ang form na PA 607 ay makukuha ng sinumang tao o kinatawan ng organisasyon sa komunidad na humihiling nito. Makukuha din ito sa online sa dpss.lacounty.gov.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Civil Rights Section para sa higit pang impormasyon, kung kinakailangan, at ipapaalam sa iyo ang mga matutuklasan sa pagsisiyasat sa pamamagitan ng sulat. Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga natuklasan ng County, maaari kang umapela sa California Department of Social Services, o kung ito ay kinasasangkutan ng Programa ng CalFresh, maaari kang umapela sa U.S. Department of Agriculture.

**Ang iyong reklamo ay dapat na ihain sa loob ng 180 araw mula sa petsa na sa paniwala mo ikaw ay naitrato ng di-patas**.

Kung naapektuhan ng reklamo sa di-patas na pagtrato ang iyong mga benepisyo at serbisyo, maaari kang humiling ng pagdinig ng estado. Hindi mababago ng isang pagsisiyasat sa di-patas na pagtrato ang iyong mga benepisyo o serbisyo. Hindi makakaganti sa iyo ang DPSS kung humiling ka ng pagdinig o maghain ng reklamo sa hindi patas na pagtrato.

Maari mong ihain ang iyong reklamo sa isa o lahat ng sumusunod na naaangkop na ahensya ng County, Estado at Pederal:

**Tanggapan ng County ng Los Angeles**

Para sa lahat ng mga programang pinangangasiwaan ng County ng Los Angeles:
Department of Public Social Services
Civil Rights Coordinator
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746
(562) 908-8501
DPSSCivilRights@dpss.lacounty.gov

**Covered California**

Civil Rights Coordinator Covered CA
P.O. Box 989725
West Sacramento, CA 95789
(916) 228-8764
CivilRights@covered.ca.gov

**Programa ng Medi-Cal at Dental:**

Department of Health Care Services,
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS0009
Sacramento, CA 95899-7413
(916) 440-7370 or 711 (CA Relay Service)
CivilRights@dhcs.ca.gov

**Iba Pang Programa ng Estado ng California**

CA Department of Social Services
Civil Rights Unit
P.O. Box 944243, MS 9-7-41
Sacramento, CA 94244-2430
(866) 741-6241 (walang bayad)
crb@dss.ca.gov

**Upang Maghain ng Reklamo sa isang Ahensya ng Pederal:**

Para lamang sa di-patas na pagtrato batay sa Lahi, Kulay, Bansang Pinagmulan, Kapansanan, Edad, o Kasarian:

Centralized Case Management Operations
United States Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, DC 20201

Maghain ng reklamo sa online sa:
US Health & Human Services Civil Rights Complaint Portal
(800) 368-1019 (walang bayad)
(800) 537-7697 (may kapansanan sa pandinig/pagsasalita)

**Programa ng CalFresh**

U. S. Department of Agriculture Director Office of Adjudication
1400 Independence Ave, S.W.
Washington, D.C. 20250-9410
(866) 632-9992 (walang bayad)
(202) 260-1026
(800) 877-8339 (may kapansanan sa pandinig)
program.intake@usda.gov

**Paghingi ng Pagdinig ng Estado**

Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang aksyon o hindi pagkilos na ginawa ng DPSS tungkol sa iyong mga benepisyo o serbisyo, maaari kang humiling ng pagdinig ng estado.

Kung ang iyong alalahanin ay nauugnay sa tulong ng General Relief, dapat kang makipag-ugnayan sa DPSS ng County ng Los Angeles para sa isang pagdinig.

Dapat kang maghain ng pagdinig ng estado sa loob ng 90-araw ng pagkilos ng County. Nararapat ang 90-araw na panahon kahit na nagsampa ka ng reklamo sa Civil Rights.

Maaaring matanggap ang Aid Paid Pending kung ihahain mo ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig bago ang epektibong petsa ng aksyon.

Maaari kang humiling ng pagdinig ng estado sa pamamagitan ng:

- Telepono, (800) 952-5253 (walang bayad)
- Koreo: Punan ang likod ng anumang Notice of Action (sulat) mula sa DPSS o sumulat ng liham (itago ang kopya), at ipadala ang iyong kahilingan sa:

  Appeals and State Hearings
  P.O. Box 18890
  Los Angeles, CA 90018
- Online sa: www.cdss.ca.gov

**Mga Makatuwirang Tulong:**
**Espesyal na Tulong para sa mga Taong may Kapansanan**

Ang mga taong may pisikal o pangkaisipang kapansanan ay may karapatang humiling ng mga makatwirang akomodasyon mula sa DPSS upang matulungan silang maka-access at makalahok sa mga programa at serbisyo. Ang DPSS ay dapat makipag-tulungan sa iyo upang matukoy kung anong tulong ang kailangan mo. Kung tinanggihan ng DPSS ang iyong kahilingan, dapat ka naming bigyan ng nakasulat na paunawa na nagsasaad ng dahilan ng pagtanggi. Dapat nakalista sa paunawa ang iyong mga karapatan sa pag-apela.

Ang karagdagang Impormasyon sa Karapatang Pangmamamayan at Pagdinig ng Estado ay makukuha sa mga reception area ng mga tanggapan ng Distrito/Rehiyon. Maaari kang humiling ng State brochure ng Estado na, *Your Rights Under California Public Benefits Programs* (PUB 13), na makukuha sa lahat ng reception area.